

Impeksyong *Enterovirus 71*

Ano ang mga Pinagmumulan nito

Ang *Enterovirus 71* (EV71) ay isahang hibla, mikrobyong nakakalasang RNA, at isa sa tagapagdulot ng Sakit sa Kamay, Paa, at Bibig -- *Hand, Foot and Mouth Disease* (HFMD). Ang pagkakasakit ay kadalasang nagaganap sa mga lugar sa Timog-Silangang Asya (*Southeast Asian*), lalong lalo na kapag tag-init at magsisimula ang tag-lagas. Ang malawakang paglaganap ng sakit ay naiulat sa mga bansang Taiwan at Malaysia ng dekada 90.

Ang mga Ipinakitang Sintomas ng Pagkakaroon nito

Ang Impeksiyon ng EV 71 ay pangkaraniwang matatagpuan sa mga batang paslit. Pangkaraniwan, ito ay mapapansing kasabay ng sintomas ng HFMD, na ang mga katangian ay lagnat, sugat sa bibig, at mga butlig-butlig na nagtutubig. Kadalasan, ito ay nagsisimula sa lagnat, kawalan ng ganang kumain, masamang pakiramdam ng katawan, masakit na lalamunan. Isa hanggang dalawang araw ang makalipas, ang mga masasakit na bahaging tila sugat ang mamumuo sa bibig. Ang katangian ng masasakit o sugat ay mga maliliit na butlig na paltos (nagtutubig) na pagkaraan ay magiging parang bukas na sugat (nagnak). Pangkaraniwan sila ay matatagpuan sa dila, giligid at loob ng pisngi. Ang mga hindi makating mga butlig-butlig ay may mga katangiang nabibilang sa dapa o alsadong mapupulang tuldik o butlig. Ang butlig ay pangkaraniwang makikita sa palad o sa talampakan. May mga pangyayaring hindi makakakita ng sintomas. Madalang ang pangyayaring, na ang EV 71 ay magdudulot ng mas malalang karamdaman, gaya ng mikrobyong hindi mauuwi sa impeksiyon na nagiging sanhi ng pamamaga sa bahagi ng balok ng utak at kurdon ng gulugod (*meningitis*), pamamaga ng utak (*encephalitis*), sakit gaya ng pagkaparalisa - polyo (*poliomyelitis-like paralysis*) at pamamaga ng balok ng puso (*myocarditis*).

Papaano Kumakalat

Ang EV 71 ay naililipat sa mga tao sa pamamagitan ng direktang paghipo sa mga duming inilalabas ng ilong at lalamunan, laway, sa tubig na nagmula sa mga paltos o mamaso, o idinudumi ng taong may sakit nito (na maaaring hindi nakikitaan ng mga sintomas). Ang sakit ay nakakahawa sa mga panahong kasidhian nito o kapag malala na, o maaaring mas matagal pa dito, sapagkat ang mga duming inilalabas o ipinapawis ng mga mikrobyo ay matutuklasan sa loob ng mga ilang linggo.

Gaano Katagal Magparami Bago Mapansin ang Sintomas

Ang tagal ng pagpaparami ng mikrobyo sa katawan bago mapansin ang sintomas ay tumatakbo ng 3 hanggang 7 araw.

Ang Paraan ng Pangagamot

Sa kasalukuyan, walang tiyak na gamot na maaring magamit para sa Impeksiyong EV 71. Ang mga ilang gamot sa mga sintomas ay maaaring makagaling sa lagnat at kirot ng mga naknak na sugat. Karamihan, ang sakit ay mismong gumagaling ng kusa. Ang mga sintomas na gaya ng lagnat, butlig-butlig at mga nagnanaknak na sugat ay kusa ng gumagaling sa loob ng 1 linggo. Ang mga magulang ay dapat na mag-ukol ng atensyon sa kalusugan ng mga supling nila at kailangang magpatingin sa duktora kung ang kanilang anak na may HFMD ay nakikitaan ng mga sumusunod na sintomas:

- Hindi ginigisawan ng mataas na lagnat
- Paulit ulit na pagsusuka
- Palaging inaantok o nahihilo
- Nginingiki / o biglang panghihina ng mga paa at kamay

Ang mga batang nahawahan ay dapat huwag nang pumasok sa mga paaralan o makibahagi sa mga aktibidades ng mga grupo gaya ng pagtitipon, mga klase para sa mga hilig, paglalangoy ng hanggang dalawang linggo hanggang sa gumaling ang lagnat at ang mga bitak ng sugat ay magsipaghilom at mababakan ng langib upang maiwasan ang pagkalat ng sakit. Pangalagaan ang iba pang miyembro ng pamilya, lalo na ang mga bata, sa pagkakahawa ng sakit sa pamamagitan ng pagpapanatili ng masusing kalinisan sa sarili at kapaligiran. (Tunghayan ang mga payo ng pag-iingat sa ibaba.)

Mga Pag-iingat Upang Maiwasan ang Paglaganap

Wala pang bakunang magagamit sa ngayon. Ang kalinisang pansarili at sa kapaligiran ang pinakamahalagang paraan upang maiwasan ang impeksiyong EV 71. Habang nasa Hong Kong o nasa panahon ng paglalakbay, ang mga mamamayang kabilang ay pinapayuhang:

- Maghugas ng kamay bago kumain at pagkatapos na manggaling sa palingkuran, pagkaraang humawak ng mga duming nanggaling sa katawan, o pagkaraang magpalit ng mga lampin;
- Takpan ang ilong at bibig habang nagbabahin o umuubo; at ayusin ang pagtatapon ng pinagsingahan at pinagduraan;
- Huwag makigamit ng kagamitan ng iba o ipagamit ang kagamitan sa iba gaya ng tuwalya at mga kagamitan sa pagkain;
- Panatilihin ang maayos na daloy ng hangin;
- Linisan at palaging disimpektahin ang mga madalas hipuing lugar, mga muwebles, at mga kubeta ng *chlorox* sa timpla ng halong 1:99 (paghahalo 1 bahagi ng 5.25% ng pambahay na *chlorox* sa 99% ng tubig);
- Disimpektahin ang mga laruan/mga lugar na nadudumihan ng mga pawis o dumi ng pambahay na *chlorox* na ang tapang ng timpla ay 1:49;
- Iwasang malapit sa pasyente ng HFMD.

Hunyo, 2010